



Pinapahaba ng Pamahalaan ng Ontario ang kautusan na manatili sa bahay hanggang sa Hunyo 2

BRAMPTON, ON (Mayo 13, 2021) – Sa araw na ito, inanunsyo ng Pamahalaan ng Ontario na pinapahaba nito ang kautusan na manatili sa bahay hanggang sa di mas maaga sa Miyerkules, Hunyo 2, 2021.

Mga pamamaraan ng public health

Ang kapwa deklarasyon ng Lalawigan na emergency at ang kautusan na manatili sa bahay ay pinahaba sa loob ng karagdagang dalawang linggo para makatulong sa pagtigil ng pagkalat ng COVID-19. Ang kautusan na manatili sa bahay ay nag-aatas sa lahat na manatili sa bahay, maliban kung para sa mga napakahalagang layunin, tulad ng pamimili sa grocery store o botika, pag-access sa mga serbisyo sa health care, para sa ehersisyo o para sa napakahalagang trabaho.

Ang kasunod ng mga pamamaraang pangkaligtasan ng public health at ng lugar ng trabaho ay mananatiling may bisa:

- Ipinagbabawal ang lahat ng outdoor na mga pagtitipon at inorganisang mga pampublikong event, maliban kung ang mga kasama ay mga miyembro ng iisang bahay o isang tao na hindi kasama sa sambahayan na namumuhay nang mag-isa o isang tagapag-alaga ng sinumang miyembro ng sambahayan.
- Mananatiling sarado ang lahat ng hindi mahalagang mga lugar ng trabaho sa sektor ng konstruksyon;
- Ang limitasyon sa kapasidad na 25 porsyento sa lahat ng retail settings kung saan pinapayagan ang pamimili sa loob ng tindahan ay nagpapatuloy. Kabilang dito ang mga supermarket, grocery store, convenience store, indoor farmers' market, iba pang mga tindahan na pangunahing nagbebenta ng pagkain at mga botika;
- Nananatiling sarado ang lahat ng outdoor na panlibangang mga court at sports fields, tulad ng mga golf course, basketball court at soccer field; at
- Ang kapasidad sa mga kasal, paglilibing, at panrelihiyong mga serbisyo, mga ritwal o mga seremonya ay limitado sa 10 tao indoor o outdoor. Ang pagtitipon ng mga tao na nauugnay sa mga serbisyong ito tulad ng mga resepsyon ay ipinagbabawal, maliban sa kung para sa mga miyembro ng iisang sambahayan o isang tao na hindi kasama sa isang sambahayan na namumuhay nang mag-isa. Pinapayagan ang mga serbisyo na drive-in.

Ang lahat ng iba pang mga pangkaligtasang pamamaraan ng public health at lugar ng trabaho para sa hindi mahalagang retail sa ilalim ng [pambuonang lalawigan na emergency brake](#) (ibig sabihin, curbside pick-up at delivery lamang), ay patuloy na ilalapat.

Basahin ang mas marami pa [dito](#).

Mga serbisyo at mga pasilidad

City Hall at Corporate na mga Pasilidad

Mananatiling bukas ang City Hall at corporate na mga pasilidad para sa personal na mga serbisyo batay



sa appointment lamang, Hindi pinapayagan ang mga walang appointment. Para mag-book ng appointment, bisitahin ang www.brampton.ca/skiptheline.

Mga Sentrong Panlibangan ng Lungsod at mga Outdoor na Amenidad

Ang lahat ng mga panlibangang pasilidad ng Lungsod ng Brampton ay mananatiling sarado sa publiko at patuloy na suspendido ang mga indoor na programa hanggang sa karagdagang abiso.

Ang lahat ng outdoor na mga panlibangang courtatspoirt field, tulad ng mga golf course, basketball court at soccer field ay sarado. Mananatiling bukas ang mga playground.

Mananatiling bukas ang mga parke at mga trail. Magagamit ang mga pasilidad ng mga banyo sa Chinguacousy Park at Eldorado Park.

Mga Birtwal na Programa

Birtwal na Fitness

Iniiimbihan ang mga residente na sumali sa libreng 30-minutong live na birtwal na mga klase sa fitness kasama ang mga bisahang tagaturo.

55+ Workshops

Ang mga residente ng Brampton na edad 55 taong gulang at mas matanda ay pwedeng mag-register para sa libreng birtwal na mga workshop at sumali sa mga engaging na online na sesyon mula sa ginhawa ng kanilang tahanan. Magkakaroon ang mga kalahok ng pagkakataon na makipag-socialize, bumuo ng bagong pagkakaibigan at kumonekta online sa isang ligtas at structured na kapaligiran.

Nagsasaling Birtwal na mga Aktibidad at mga Workshop

Ang serye na ito ay isang magandang pagkakataon para sa mga kalahok na may mga kapansanan at may exceptionalities na sumali sa mga aktibidad, malaman ang isang bagay na bago at lumikha ng tumatagal na pagkakaibigan kasama ang mga peer.

Ang mas maraming impormasyon tungkol sa mga alok na mga birtwal na programa, kabilang ang mga detalye hinggil sa kung paano mag-register ay makikita [dito](#).

Paglilibang sa Bahay

Manatiling aktibo at abala sa bahay gamit ang self-guided online arts at craft tutorials, pwedeng ma-access 24/7! Alamin kung paano gumawa ng origami hearts, mag-praktis sa inyong calligraphy skills, at mas marami pa. Mag-access sa sari-saring mga aktibidad sa Rec At Home [dito](#), gawa nang may pagmamahal ng Brampton Recreation.

Mandatoryong mga pantakip ng mukha

Sa ilalim ng Ordinansa ng Mandatoryong Pantakip ng Mukha, ang mga hindi medikal na mask o mga



pantakip ng mukha ay iniuutos sa lahat ng indoor na pampublikong espasyo sa Brampton. Ang mga pampublikong establisyemento at mga negosyo ay inuutusan na tiyakin na ang mga mask o mga pantakip ng mukha ay isinusuot sa mga indoor na espasyong pampubliko na nasa ilalim ng kanilang kontrol.

Hindi isinasali ng ordinansa ang ilang mga indibidwal, kabilang ang mga hindi makapagsuot ng mask o pantakip ng mukha dahil sa mga medikal na rason; mga batang wala pang dalawang taong gulang; mga indibidwal na kasama sa atletik na aktibidad ayon sa Mga Kautusan sa Emergency. Para sa mas maraming impormasyon, bisitahin ang: www.brampton.ca/masks

Ang mga residente at mga negosyo ay pwedeng tumawag sa 311, bumisita sa www.311brampton.ca o gamitin ang 311 mobile app para sa karagdagang impormasyon at hiling na serbisyo.

Mga Pagbabakuna

Ang lahat ng mga residente ng Brampton na edad 18 at pataas ay kwapikado na ngayon na i-book ang kanilang appointment sa bakuna sa COVID-19. Para sa pinaka-up-to-date na impormasyon tungkol sa mga pagbabakuna sa COVID-19 at para mag-book ng appointment, bisitahin ang [portal ng bakuna](#) ng Lalawigan.

Mga Link

Alamin ang mas marami pa tungkol sa:

- [Mga programa at mga update sa serbisyo sa COVID-19 ng Lungsod ng Brampton](#)
- [Lungsod ng Brampton – ano ang bukas, ano ang sarado](#)
- [Mga sintoma ng COVID-19](#)
- [Bakuna sa COVID-19](#)
- [Testing sa Brampton](#)
- [Paano ibukod ang sarili](#)
- [Pagpapanatili sa mga negosyo at mga lugar ng trabaho na ligtas sa panahon ng COVID-19](#)
- [Mga Kaso ng COVID-19 sa Peel](#)

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca